

PROLOGUE

“You’ve been there for one month, hija,”
argumento ng ina ni Sidney mula sa kabilang linya
ng telepono.

Napangiti siya sa concern na kalangkap sa tinig
nito.

Pero sarkastikong ngiti iyon. “My sentiments
exactly, Mama. I’ve been here for only a month and
I’d say it’s too short.”

“Thirty-one days, seven hundred forty hours,
forty-four thousand six hundred forty seconds. That’s
eternity to me!”

“Mama, please, I need a lot more time for a
breather.”

“How can you say that when you know your old
lady is dying of worry?”

“You’re simply over-reacting!”

“I’m simply being a mother.”

Nagpakawala si Sidney ng isang malalim na

buntong-hininga. She could not understand her mother. Nawala lang siya sa paningin nito ng one month, pero kung umasta ito ay parang nagbakasyon siya buong buhay niya. Hell, this was her first ever vacation in her twenty-four years of existence. Bakasyon na hindi kasama ang buong pamilya niya, ang ibig niyang sabihin. Subalit hindi rin masasabing bakasyon iyon mula sa kanyang pamilya dahil halos oras-oras ay may tumatawag sa kanya.

“Ma, I’m hanging up,” aniya. “My room service has just arrived,” pagsisinungaling pa niya.

“Come back here tomorrow!” utos ng ginang.

“I’ll come back when I’m rejuvenated enough,” may kumbiksyong aniya. “Sige po, I have to eat my breakfast.” She clicked her cellphone off without saying goodbye. Rude, yet she felt satisfied.

Siya si Sidney Alonzo. Twenty-four years old. Lifeless. All her life she was only existing, not living. Bakit? Dahil buong buhay niya ay punung-puno ng proteksyon mula sa kanyang pamilya.

Sa edad niya, lahat ng kaibigan niya ay either married or in a serious relationship. Samantalang siya ay hindi pa nagkaka-boyfriend minsan man. Iyon ay

dahil parati siyang bantay-sarado.

Her family was a bit well-off. She never knew how it felt like to be hungry, to be deprived of her chosen luxury. Ngunit pinalaki naman siya nang may malasakit sa kapwa.

Both her parents were doctors and devout Catholics. Her big brother was a priest. She was a pre-school teacher in an International School in Manila.

Mula pre-school hanggang kolehiyo ay Catholic and all-girls school ang kanyang pinasukan. Did she have a chance to meet boys? Hell, no! Did she have a chance to do juvenile delinquent things? Never! At ang ibig sabihin niyon, she was plain boring, rather, her life was a plain bore.

Noong teenager si Sidney, kapag may sleep-over ang kanyang mga kaibigan ay parati siyang left-out. Hindi siya pinapayagan. Ang eksplanasyon ng kanyang mama ay malapit sa tukso ang mga ganoong klase ng activity. Nariyan daw na pag-usapan nila ang mga boys, sumubok manigarilyo at uminom ng alak. Her mother insisted that her innocence must not be tainted by worldly temptation.

Even her course in college was chosen for her

by her family. She graduated with a bachelor degree in Education, major in pre-school para raw kapag nagtrabaho siya, mapapaligiran siya ng mga bata. So that she could still see the world through the eyes of children.

Ang downside nga lang, hindi niya naranasan kung paano mabuhay sa tunay na mundo.

School-home, home-school ang kanyang everyday routine. Kung may party man siyang pupuntahan, party ng charitable institutions na sinusuportahan ng kanyang pamilya. Kung nagbabakasyon man sila sa ibang bansa, church-hopping ang number one sa kanilang itinerary.

Her life was really dull. Hindi siya marunong magmura. Hindi pa siya nakakapasok sa gay bar, ni hindi pa nga siya nakakanood ng X-rated film. Napag-iwanan na siya ng panahon!

Then, not so long ago ay nagpakasal ang isa sa kanyang kaibigan. Habang nakaupo sa pew ay nakatutok ang kanyang paningin sa ikinakasal, ang kanyang isipan naman ay gumagala. Right then and there, she decided to have some time-off.

Away from her life, from her family. Away

from her everything. Naisip niya na ang paligid ay nagbago na, maliban sa kanya. She wanted to grow, she wanted to be her own person. She wanted to experience things that most people did.

Noong nagpaalam siya sa mga magulang na plano niyang magbakasyon ay kagyat na pumayag ang mga ito. Sa isang kondisyon, kailangang family vacation iyon. She had a hard time explaining to her parents that she was going on a vacation to find herself. Iminungkahi pa ng mga ito na makipag-usap siya sa kapatid na pari para matagpuan niya ang sarili. Halos panawan siya ng ulirat nang marinig ang suhestiyon na iyon.

But for the first time in her life, she stood firm on her decision. She needed a vacation, alone and by herself. Her parents reluctantly gave in, in the end, nang isa-isahin niya ang lahat ng kabutihang kanyang nagawa sa buong buhay niya.

Lumuha ng balde-balde ang ina nang ihatid siya sa airport. Akala yata ay hindi na siya babalik.

Pinili niyang magbakasyon sa Hong Kong para hindi gaanong malayo sa Pilipinas at hindi rin masyadong malapit sa kanyang pamilya. Isa pa, hindi

na niya kailangan na mag-adjust sa oras dahil pareho ang oras ng dalawang lugar. But then, kailangan niyang mag-adjust sa tawag ng ina.

Mula sa kinauupuang upholstered chair ay nagmartsa siya patungo sa bintana. Hinawi niya ang makapal na kurtina at tumambad sa kanyang paningin ang nagtatayugang mga gusali na nakapaligid sa tinutuluyan niyang hotel.

“Whoa, this is the life!” Sa halos isang buwan niyang pamamalagi sa Hong Kong, ang mga katagang iyon ang palagi niyang binabanggit sa tuwing titingin siya sa bintana.

Hindi niya nami-miss ang mga puno na bumabati sa kanya sa tuwing namimintana siya sa kanyang silid sa Maynila. She hardly missed those two-storey houses back in their village. Sa Hong Kong, wala siyang nakikitang bahay. Everyone lived in condominiums or tenements. Everyone seemed to be independent. Everything was how she wanted it to be. She smiled.

Kasabay ng pagtalikod niya sa bintana ay ang pagtunog ng doorbell. She had an inclination who the person was standing outside her door. Lumakad

siya patungo sa pinto upang buksan iyon.

“Good morning, sunshine!” bati ng isang napakaguwapong nilalang. “Are you ready?”

“Do I look like I am?” sagot niya. Niluwangan niya ang pintuan upang papasukin ito. “Give me thirty minutes to fix myself then we’re off.”

1

Nakaupo si Sidney sa ikalawang pew ng *St. John's Parish Church*. Hindi upang dumalo sa isang misa kundi upang bisitahin ang isa sa pinakaimportanteng tao sa buhay niya. Nahagip ng kanyang paningin ang kura paroko ng simbahang iyon, naglalakad patungo sa kanya.

Katulad nitong mga nagdaang taon, hindi niya nagawang salubungin ang mga mata nito. After all those years, the guilt in her heart was still eating her. Although, her monumental mistake had been forgiven and accepted, she just couldn't face the fact that she had hurt her loved ones.

"Sidney," nakangiting sambit ni Father Charles nang huminto ito sa tapat ng kanyang kinauupuan.

"Father Charles," kimi niyang sabi. Tumayo siya at lumapit dito. For a fleeting second she didn't know what to do, kung magmamano ba o yayakapin ito. Then, she decided to be an ordinary Catholic person. She reached for his right hand and had him blessed her.

"Kaawaan ka," anito. Hinawakan ng pari ang

kanyang siko at iginiya siyang maupo muli. “How have you been?”

“I’m good, Father.” Nakayuko siya nang sumagot. Hindi niya ito matingnan nang derecho. Sa pakiwari kasi niya ay wala siyang karapatang salubungin ang tingin nito. Isa ito sa mga taong nasaktan niya.

“When will you be able to talk to me and look me in the eyes again, Sidney?” malumanay na tanong ng pari ngunit kababakasan ng tampo ang tinig. Hinawakan nito ang kanyang mga palad at marahang pinisil.

Nais niyang sagutin nang matapat ang tanong na iyon, subalit hindi pa niya alam ang tamang sagot. She did not want to pretend, the burden she was carrying in her heart was too strong and words just could not wash it away.

“So, how are Mama and Papa?” pag-iiba ng pari sa usapan.

“They’re good. Their health is okay. Everything is fine.”

“I heard they were enjoying Paris’ company immensely. Si Paris daw ang source of joy nila ngayon.”

Tumango si Sidney. Natuwa sa kaalamang iyon. Alam niya ang katotohanang si Paris—ang kanyang anak, ang nagbibigay-kaligayahan sa kanilang mga magulang. Ngunit iba pa rin ang pakiramdam sa tuwing nanggagaling ang ganoong balita sa kanyang nakatatandang kapatid.

“Sidney, what’s wrong with you?” Yumuko ang pari upang sipatin ang kanyang mukha. Pinahid nito ang mga luhang hindi niya namamalayang naglalandas na pala sa kanyang pisngi. “You can tell me everthing, Sidney. Remember, you used to tell me everything when you were a little girl.”

Sidney half-smiled. Oo nga naman. Dati, nasasabi niya rito ang lahat ng gusto niyang sabihin. Pero dati iyon. Noong malinis pa ang kanyang pagkatao. Noong hindi pa niya naiisip na subukang lumabas sa proteksyon ng kanyang pamilya upang harapin ang tunay na mundo.

Pero iba na ngayon. Ibang tao na siya. Nakita na niya ang tunay na mundo. Nasubukan na niyang mabuhay roon. Kahit gaano pa niya pilitin, hindi na niya kayang ibalik pa sa dati ang lahat.

But then again, she realized, everyone deserved a second chance. Oo nagkamali siya, pero pinagbayaran niya iyon. She was still paying for

it, as a matter of fact. However, she was hoping to redeem herself. Start again. Iyon ang dahilan kaya niya dinalaw si Father Charles nang hindi kasama ang mga magulang. Gusto niya itong makausap nang solo.

Huminga siya nang malalim. Inihanda ang sarili sa napipintong masinsinang usapan sa pagitan nilang magkapatid. “Father Charles, I want to stop punishing myself.” Finally, nakahugot siya ng lakas ng loob.

“So stop, Sidney. Wala namang nagsabi sa iyo na kailangan mong parusahan ang sarili mo. Natanggap ko—namin nina Mama at Papa ang pagkakamaling nagawa mo. Nakita namin ang pagsisisi mo. Ang pag-amin mo sa sarili mo na ikaw ang nagkamali. You asked for forgiveness, it was given to you.”

“That’s the reason why I’m punishing myself, Father. Because you never really did. Tinanggap ninyo ako at si Paris, without any question. Without second thought. I don’t think I deserve that.”

“Mas gugustuhin mo ba kung hindi ka namin pinatawad?”

“No! I don’t know. All these years I didn’t know what to think. My life turned upside down because of

one mistake.” Pinahid niya ang luha na nagpapalabo sa kanyang paningin. Hindi na niya hahayaang pati iyon ay gawin pa ng kapatid.

“Ganoon ba ang tingin mo kay Paris? Isang pagkakamali?” Malumanay ngunit may halong tampo ang tinig ng pari.

Sandali siyang nag-isip kung paano sasabihin nang tama ang sagot niya. Mahal ng kanyang buong pamilya ang anak niya. Hindi maganda kung sasabihin niya na tama ang nasa isip ng kausap. Oo nga’t mahal na mahal niya ang kanyang anak, but Paris was the tangible reminder of her mistake.

“Paris is my life,” aniya. “But she was conceived in a wrong way. She was unplanned.”

“Siya ang iyong anghel at doon mo ituon ang iyong pansin.”

LALAMPASAN NA sana ni Sidney ang silid ni Paris nang makita niya itong natutulog sa play area ng silid na iyon.

Dahan-dahan ang paglakad niya patungo sa anak upang buhatin ito at ilipat sa kama. Nang mailapat niya ang katawan nito sa higaan ay kinumutan niya

ito. Binalikan niya ang play area upang ligpitin ang mga nagkalat na laruan. Day-off kasi ng yaya nito kaya siya ang obligadong magsinop ng mga kalat nito.

Nang matapos ang pagliligpit ay tinunghayan niya ang musmos na natutulog. Habang nakatingin siya rito ay nabalot ng guilt ang kanyang puso.

She felt so guilty because she loved Paris more than anything in the world, but couldn't give what her daughter needed and deserved—a whole family.

Nag-bonding silang mag-ina nang umagang iyon. Out of the blue, her daughter asked her a question that she could not answer.

“Who is my daddy and where is he?”

Natahimik siya nang marinig iyon. Inasahan na niyang darating ang panahong magtatanong ito tungkol sa ama. Subalit hindi niya inasahan na sa musmos na edad ito hahanap ng sagot.

“Why? Don't you love Mommy anymore?” kunwa ay nagtatampong sabi ni Sidney para iligaw ang usapan. “Isn't Mommy enough?”

“I love you, Mommy!” Niyakap siya ng anak. “But, all my classmates have daddies and they told

me that all their daddies come home every night. Why doesn't my daddy come home? Doesn't he love us?"

Gosh! Her daughter was such a smart kid for a five-year-old. Gustuhin man niyang mag-imbento ng sagot ay hindi niya iyon ginawa. Dahil hindi niya kayang magsinungaling dito.

She promised herself that Paris would know the truth, but not now. Five years old pa lamang ito. Hindi nito maiintindihan kahit gaano pa ito katalino.

"Well, let's eat ice cream first? What do you say?" Sinuhulan na lamang niya ito sa halip na sagutin ang tanong. Tila nawala ang alalahanin ng bata nang marinig ang ice cream at nauna pa itong tumakbo patungo sa kusina.

Nakahinga siya nang maluwag nang makaligtas siya sa tanong na iyon. Ngunit alam niyang hindi iyon matatapos doon. Umpisa pa lamang iyon ng serye ng drama sa buhay nilang mag-ina.

NATANAWAN agad ni Sidney ang kaibigan na nakaupo sa pandalawahang upuan sa isang sikat na coffee house. Matagal-tagal na rin silang hindi

nagkita.

Mula noong mabuntis siya, pinutol niya ang komunikasyon sa lahat. Recently niya lang tinawagan ito.

Nahagip ng paningin ni Tammy ang pagpasok niya sa shop kaya kumaway ito. Nang makalapit siya ay hinalikan niya ang pisngi nito. “My, oh my, Sidney! Look at you!” halos pakantang bati nito. “You’re looking good.”

“You look good yourself!” ganti niya sa papuri nito.

“Sabihin mo sa akin iyan after three months. Kapag lumobo na ako at bumaba ang aking self-esteem.”

“Why, you have another one on the way?”

“Yes. Hindi nga ako matuto-tuto. I know whenever I’m pregnant I get really enormous, pero heto’t buntis ulit.” Kunwa nagsisisi ang tono nito, pero alam niyang masayang-masaya ito.

Mahilig talaga sa mga bata si Tammy kaya nga pre-school teacher ito. Kasamahan niya dati ang babae sa trabaho, but when she got pregnant ay napilitan siyang mag-resign. She was supposed to

be a model of decency and morality. Tagapagturo ng kagandahang-asal. Ngunit dahil siya ay nagdalangtao nang walang asawa, nabilang siya sa hanay ng 'immoral'.

Nowadays, uso ang pagbubuntis ng kadalagahan out of wedlock. Tanggap na iyon ng lipunan. Pero iba ang kaso niya dahil guro siya. Minabuti na lamang niyang mag-resign, kaysa ipagpatuloy ang pagtuturo.

"So tell me, Sidney, saan ka nagtuturo ngayon?" untag ni Tammy sa naglalakbay niyang isipan.

When Paris turned two, sinubukan niyang balikan ang dating trabaho ngunit wala na pala siyang babalikan.

She had no choice but to become a full-time mommy. Ang mga magulang niya ang tumustos sa pangangailangan nilang mag-ina. Nakakahiya ngunit wala siyang choice.

"I don't teach anymore," halos ayaw lumabas sa kanyang lalamunan ang sagot na iyon. "Since you know... since I had Paris."

"Oh!" Tila may pagsisisi sa tinig ni Tammy. Alam kasi nitong hindi pa siya handang pag-usapan ang mga nangyari. Yes, it had been six years but up

until that moment she was still adjusting. "I'm sorry I asked."

"No! No! It's okay. Ikaw, ano'ng balita sa iyo?"

"Well, nag-resign na ako sa work. Sinabi kasi ng husband ko, nakaka-stress ang pagtuturo. Especially I'm handling naughty but cute kids. Gusto daw niyang stress-free ako."

"Welcome to the world of jobless," natatawang aniya.

"Actually, I'm not completely jobless." Tumaas ang kilay ni Sidney sa sagot nito. "I do tutorials. So, in a way nagtuturo pa rin ako. You know, I wouldn't really give up teaching. That is my vocation. My calling. At saka, hindi naman nakaka-stress kaya pumayag na ang husband ko."

Sandaling nag-isip si Sidney. Tutorial? Why hadn't she thought of that? Kung magtu-tutor siya ay hindi na niya kailangang i-explain ang pagiging single mother. Plus, she could earn again. At least, kahit paano ay masasagot na niya ang gastusin nilang mag-ina.

"Hey, Sidney!" muling untag ni Tammy sa gumagala niyang isipan. "I asked kung gusto mo ring mag-tutor. Kasi may kakilala akong naghahanap."

“Of course!” excited niyang sagot. Hindi makapaniwala sa magandang balita na hatid ng kaibigan.

“Are you sure? Kasi I’m tutoring foreigners. Japanese, Chinese and Koreans. English lang naman ang itinuturo ko para hindi na kailangang mag-isip masyado.”

“Foreigners huh?” Nag-isip siyang muli. Mas maganda sana kung Filipino rin ang magiging estudyante niya. But well, beggars can’t be choosers. “Yes, Tammy. I’m sure!”

2

“Morning, grams!” masayang bati ni Ethan sa kanyang lola nang madatnan ito sa komedor. Hindi pa nito nagagalaw ang kadalasang almusal nito na oatmeal. Hinihintay talaga ng matanda ang kanyang pagdating.

“Mukhang good talaga ang morning mo,” puna nito nang mapansin ang kanyang gusot na polo at namamagang mata dahil sa puyat.

Hinalikan niya sa noo ang abuela bago naupo sa silyang laan para sa kanya. May nakahanda na ring kape. Usually, he wanted his coffee with cream, but that morning it was black. Malamang naisip ng lola niya na galing na naman siya sa gimikan kagabi.

He smiled to himself. Kilalang-kilala siya ng kanyang lola.

“Tumawag ang mama mo kagabi,” imporma nito.

Dinampot niya ang tasa ng kape at ininom iyon. Kahit paano ay nabawasan ang pananakit ng ulo niya.

“Ethan, hindi mo ba narinig ang sinabi ko?”

“Huh?” kunwa ay litong ungol niya. Muli ay dinala niya sa bibig ang tasa ng kape.

“Narinig mo ang sinabi ko. Ayaw mo lang mag-react.” Istriko na ang tono nito.

Sa edad na treinta ay masasabing takot pa rin siya sa kanyang lola. That fear came from too much respect and love for her. At kung aabot pa ang lola niya kapag umedad na siya ng cincuenta, sigurado, takot pa rin siya rito.

“Ano po ang sabi?” pabalewala niyang tanong. Alangan namang lagyan pa niya ng enthusiasm ang tinig kung ang katotohanan ay wala namang dating sa kanya ang pagtawag ng mama niya.

“Hindi mo daw siya binibisita. Dalawang buwan na raw siyang narito sa Pilipinas, pero isang beses ka pa lang daw dumadalaw.”

“I was busy, Grams.”

“Busy saan? Heto’t kadarating mo lang galing sa kung saan ka man, pero hindi mo man lang maambunan ng kaunting oras ang sarili mong ina.”

Not another lecture, grams. Not now, when my head is spinning like crazy, reklamo ng utak niya.

Ngunit hindi niya maaaring sabihin iyon nang malakas.

“Really, grams, I was b—”

“Don’t you give me that I-was-busy excuse again, Ethan,” mariing gagad ng matanda. “I’m old but I’m not stupid. And don’t you ever forget that I am the one who raised you. I know what’s going on inside that thick skull of yours.”

Out of frustration, napabuga ng hangin ang binata. Alam niyang hindi siya mananalo rito kung paninindigan niya ang rason. Aabutin sila ng hapunan bago matapos ang argumentong iyon.

“Bakit hindi mo binibisita ang mommy mo?” ulit nito.

“I just don’t feel like paying her a visit.” Mababa ang kanyang boses. Iyon ang katotohanan, ngunit ayaw niyang ma-misunderstood.

“Ano! Hindi mo binibisita ang mommy mo dahil hindi mo feel?” tila naiskandalong bulalas ng matanda. “Hindi kita pinalaking ingrato.”

Imbis na masaktan ay napangiti si Ethan. His beloved lola could read his thoughts. Not even his girlfriend could do that—only this old woman.

“She’s your mother!” Halos magputukan ang litid nito nang sabihin iyon.

Ipinatong muna niya ang siko sa mesa at sinapo ang baba bago sagutin ang sinabi nito. “My point exactly, Grams.” Malumanay pa rin ang kanyang tono. “She was the one who carried me in her womb for nine months. Iyon lang. You raised me. So lumaki ako na alam kong lola kita, pero ikaw ang naging nanay ko.”

Lumambot ang nanggagalaiting mukha ng kausap. Mukhang umepekto ang drama niya. Well, technically, hindi drama iyon. It was the honest truth. Ang kanyang lola ang tinuring niyang ina.

“May galit ka ba sa mama mo?” tanong nito.

“To be honest? Wala po.”

“Bakit hindi mo siya magawang bisitahin?”

“Like I said, grams, I just don’t feel like visiting her.”

MALALAKING hakbang ang ginawa ni Ethan. Nagmamadali siya dahil may lakad sila ng girlfriend niyang si Mia. Supposedly, susunduin niya ang nobya pagkatapos ng trabaho. Ngunit minabuti niyang

dumerecho sa bahay upang makapag-shower.

Medyo late na siya kaya kailangan niyang mag-double time para hindi siya awayin ng nobya. Ayaw pa naman ng dalaga na pinaghihintay.

Binuksan niya ang pinto at inanunsyong, “Grams, I’m home!”

Na kanyang pinagsisihan. Muli niyang pinihit pasara ang pinto ngunit bago pa man lumapat sa frame ay umalingaw-ngaw ang tinig ng kanyang lola.

“Ethan, you’re already home so you better come in.”

“Shoot!” aniya. Bawal magmura sa bahay na iyon kaya ang pinakamalapit na salita na lang ang kanyang binanggit.

Labag sa loob ang pagtulak niya sa pinto. Sandali siyang nanatiling nakatayo roon upang pagtakhan ang presensya ng mga bisita ng kanyang lola. Mataman ding nakamasid ang mga ito sa kanya.

Binasag ng matanda ang kakila-kilabot na katahimikan. “Ethan, sit!”

Parang isang maliksing sundalo ang ginawa niyang pagsunod sa utos nito. Nang ma-realize ang

implikasyon ng utos nito, “Grams, do I look like a dog?” Hinalikan niya ang noo nito bago tabihan sa sofa.

“No, but you are acting like one. Ethan, ipakikilala kita sa mga bisita ko. Iyang babae na nakaupo sa sofa na katapat natin, she’s your nanay. Iyang singkit na batang katabi ng nanay mo, he’s your... kalahating kapatid.”

Hindi ugali ni Ethan na paikutin ang kanyang mga mata. Ngunit dahil sa sarkasmo ng matanda ay nagawa niya iyon. Gusto man niyang sakyan ang trip ng abuela at sabihin sa mga tao na, ‘Nice to meet you, people,’ hindi niya ginawa.

“How are you, Ma?” simpleng tanong niya.

“I’m doing good,” tipid ding sagot nito.

Tumango siya. “Good to know that you’re good. And since you’re good, mauna na ako. May date pa kami ng girlfriend ko and I’m terribly late.”

Akma siyang tatayo nang pigilan ng lola niya ang kanyang braso. Heck! For a seventy-year-old woman, his grandma was very strong. “Hindi ka mauuna at wala kang date. Dito ka lang sa bahay ngayong gabi at makikipagkuwentuhan ka sa amin ng mama mo.”

“Grams, remember me Ethan? Remember my age? Thirty. I’m no longer a baby. As a matter of fact, I can make my own baby.” Punung-puno ng frustration ang boses niya. Kung hindi niya sisiputin si Mia, katakut-takot na giyera ang mamamagitan sa kanila.

For what? Just so he could talk to his mother? Just so they could bond? Their bonding moments should have happened a decade and a half ago, noong nasa formative stage siya. But now that he was his own person, hindi na niya kailangan ng bonding.

“Grams, I really should get going.”

“Ethan, I really want you to stay.”

Damn his love for this old woman. Sobrang mahal niya ito kaya kahit alam niyang mag-aaway sila ni Mia ay susundin niya ang kagustuhan nito.

It was his deepest love for his grandmother that held him back from finding his own place. Kahit pa katakut-takot na kanyaw ang inaabot niya sa barkada dahil kahit treinta na siya ay nasa tahanan pa rin siya ng kanyang lola, hindi niya ito magawang iwanan.

Nakabibinging katahimikan ang namayani sa

kanila. The situation was really awkward. But he would not be the one to break the ice. He did not want to be there in the first place. Kaya kung plano ng mga tao sa paligid niya na magkunwaring pipi, he would do just the same.

Maigi nga iyon para makaisip siya ng rason na ibibigay kay Mia kung bakit hindi niya ito masisipot sa date nila. Ngunit bago pa man siya magsimulang mag-imagine ay may tumunog nang telepono.

Cellphone iyon ng mama niya. Sinagot nito iyon at nagsimulang magsalita sa lengguwaheng hindi niya naiintindihan. Mayamaya ay iniabot ng ina sa kanyang kapatid ang telepono. Narinig niya ang kapatid na nagsalita ng Korean.

Kapatid? He just could not accept that fact. Bakit kahit sa isang sinapupunan sila nagmula ay hindi niya maramdaman ang bond na iyon?

Jeez! He was his half-brother, but he could not even pronounce his name properly. Park Dong Hwa? Wala silang pagkakapareho kahit isang physical feature. He was his half-brother but they spoke different languages, grew up in two very different environments, got accustomed to different cultures.

Inalis niya ang paningin sa nakababatang

kapatid. Aksidenteng nadaanan ng kanyang paningin ang ina na nakatitig sa mukha niya. For whatever reason, napailing siya.

What are you looking at? gusto sana niyang itanong kung hindi lamang niya katabi ang matriarka ng pamilya.

LUMABAS SI SIDNEY mula sa silid ni Park Dong Hwa. Ang doce años na half-Filipino, half-Korean na estudyante niya sa pagtu-tutor. Natutuwa siya dahil hindi siya nahihirapan dito. In a way, marunong na ang bata ng basic English. Grammar na lamang ang kanyang itinuturo kaya masasabi niyang very relaxed ang kanyang trabaho. Two hours a day lang sila nagtuturuan.

Hindi nakabubuhay ng pamilya ang kanyang kinikita. Kung tutuusin pang-gas lang niya sa kotse ang sinasahod. But that did not matter dahil ang mahalaga sa kanya ay ang masabing may kinikita siya.

“Sidney,” tawag ng ina ni Dong Hwa sa kanya. Nakaupo ito sa sofa at may nakaipit na sigarilyo sa pagitan ng dalawang daliri. “Upo ka muna. Magkuwentuhan tayo.”

Pinaunlakan niya ang paanyaya at naupo sa sofa na kaharap nito.

Sa mahigit isang buwan niyang pagtuturo sa anak nito ay masasabi niyang palagay na ang loob niya kay Mrs. Park. Well, technically, Mrs. Bettina Sanchez pa rin ito, dahil sa kultura ng mga Koreano ay hindi dinadala ng mga babae ang apelyido ng asawa.

Sinipat niya si Bettina. Nakatitig lamang ito sa kanya, pero parang lumalampas ang paningin nito. Tila may dinadala itong mabigat sa dibdib. She knew that kind of look. Ganoon din ang anyo niya marahil kapag may malalim na iniisip. Bukod pa roon, iyon ang unang pagkakataon na nakita niya itong naninigarilyo.

“Is there something wrong?” she asked.

Tila nabigla si Bettina. “No,” anito nang maibuga ang usok. “Nothing’s wrong.”

“You sure?” she asked with every hint of concern in her voice.

Tumingin ang babae sa kanya nang mataman. Sa pakiwari niya, tinitimbang pa nito ang desisyon kung maglalabas ng problema o kikimkimin sa sarili. Muli itong humithit ng sigarilyo. “Actually, I have a

problem.”

“How can I help you?”

“Do you have time?” Ito naman ang tila concerned sa kanya.

“If my time can help, sure. I have a lot.”

Pinatay ni Bettina ang sigarilyo. Umupo ito nang maayos at sumeryoso. “Sidney, I don’t have any friend,” panimula nito. “I wouldn’t even dream of bothering you if I have someone to talk to.”

“Oh, Bettina please. You’re not bothering me in any way,” sansala niya. “Wala rin naman akong gagawin sa bahay. So I might as well talk to you.”

“I’m warning you. Hindi ako makikipagkuwentuhan. Maglalabas ako ng sama ng loob.”

“At handa akong makinig.”

“Okay.” She breathed in and out. “Dong Hwa’s got a brother.”

“Really?” gulat na ani Sidney. “I thought he was an only child.”

“That’s as far as he knows—as far as everybody knows.”

Hindi niya maiwasang maguluhan sa sinabi nito. "I don't understand."

"I have a son from another man."

"Older or younger than Dong Hwa?"

"Way older."

"Bakit hindi alam ni Dong Hwa?"

"Dahil hindi ko sinabi sa kanya. Hindi ko sinabi sa ama niya. Itinago ko ang panganay kong anak sa mundong ginagalawan ko ngayon."

Natahimik si Sidney. Wala siyang maisip na tamang salita. Ni hindi niya alam kung ano ang dapat maramdaman sa rebelasyong iyon.

"Alam kong iniisip mo na masama akong ina."

"Wala po akong iniisip na ganoon," pagtatanggol ni Sidney sa sarili mula sa maling akusasyon nito.

"You can't even begin to imagine how it feels like to hide my own son. My own flesh and blood."

"Miss Bettina, I hope you don't mind if I say that, you probably don't know how it feels like to be hidden," maingat niyang saad.

"Alam kong nasasaktan ko ang anak ko. Hindi

ako proud sa ginawa ko. That's why I wanted to correct that mistake. Gusto kong magsimula sa umpisa. Gusto kong maging malapit sa kanya. Gusto kong kalimutan namin ang nakalipas, but Ethan is thirty years old. I think it's too late to start over."

"If you want to have a clean slate with your son, I think being late is better than never. Maybe as of now, nasasaktan pa siya, and you have to give him that. Hindi po madaling lumaki nang walang ina."

"At walang ama," dagdag nito. "Iniwan ko siya sa mommy ko nang magdesiyon akong magpakasal sa daddy ni Dong Hwa."

Maraming tanong ang naglaro sa isip ni Sidney. Masyado palang masalimuot ang naging buhay ni Bettina. Akala niya, siya lang ang may nakaraan na dapat kalimutan. Mali pala, dahil ang kausap ay may nakaraan na dapat balikan para maitama ang kasalukuyan.

"I was sixteen when I had him," patuloy nito sa pagkukuwento. "Ethan's father didn't know about him because he left me before I found out I'm pregnant. I never saw him again. Naglaho ang mga pangarap ko. I was so scared. May anak na ako, pero hindi ko pa kilala ang sarili ko. Then I met Dong Hwa's father. He did not know anything about my

past. I created another me, isang babaeng walang madilim na nakaraan.

“Makasarili ako dahil mas pinili kong simulan ang bagong buhay sa Korea at iwanan ang anak ko rito. Hanggang ngayon ay hindi pa rin alam ng asawa ko na mayroon akong naunang anak. Hindi pa niya alam ang tungkol kay Ethan.”

Sidney could not help but feel sorry for Ethan— whoever he was. It must be painful to grow up without a mother. But to grow up knowing that your mother didn't want you, must be very excruciating.

In some way ay nakita niya ang sitwasyon ni Paris na katulad ng kay Ethan. Pareho nitong hindi nakilala ang mga ama. Because their fathers did not know about their existence. Iyon nga lamang, mapalad ang anak niya dahil hindi niya ito iniwan. Hinding-hindi niya ito iiwanan. If she decided to start over, she would start over with Paris.

“Pero ngayong nagkita uli kami ng anak kong si Ethan, at nakita kong lumaki siya nang maayos at sobrang malapit sa mommy ko, parang nagseselos ako. I want to be close to him. Gusto kong maramdaman kung paano alagaan, mahalin at irespeto ng sarili kong anak. All of a sudden, I want to rewrite my life story. If it was possible, I would

keep Ethan with me.”

“IKAW BA ang girlfriend ni Ethan?” walang ligoy na tanong ng matandang babae nang mapagbuksan siya ng pinto.

“Ay, hindi po!” mabilis na sagot ni Sidney sa takot na masabunutan ng kaharap. Sa dating ng tanong nito, ang sagot na ‘oo’ ang tila magpapabuhay sa dugo nito. At ang sagot na ‘oo’ ang kikitil sa kanyang buhay.

Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. Tila winawari kung nagsasabi siya ng totoo. Nang mabisitahan ang kanyang kabuuan ay muli nitong sinipat ang mukha niya.

“Sigurado ka?” Pagtataka naman ang rumehistro sa mukha nito.

“Opo,” maiksing sagot niya.

“Akala ko ikaw si Mia,” anito na parang nanghihinayang. “Matutuwa na sana ako kung sinabi mong ikaw ang girlfriend ni Ethan.”

Napangiti siya sa tinuran ng matandang babae. Noong una, parang hindi ito mahihimasmasan. Nang sabihin naman niya ang totoo ay parang hinayang

na hinayang.

“Sorry po, pero hindi po talaga ako iyong iniisip ninyo. Ako po si Sidney,” pakilala niya sa sarili. “Inimbitahan po ako ni Bettina na maghapanan dito ngayong gabi.”

“Ay, ganoon ba?” Tila naliwanagan ito. “Halika, hija, pumasok ka.” Niluwangan nito ang pagkakabukas ng pinto para makapasok siya. “Nabanggit nga sa akin ni Bettina na papupuntahin ka niya. Pasensya ka na kasi medyo tumatanda na ako’t nagiging makakalimutin.”

“Wala po iyon,” aniya. “Dumating na po ba si Miss Bettina?”

“Hindi pa. Nasa bahay daw ng nanay ng kaibigan ng anak niya. Mga Koreano ang mga kahalubilo noon.” Nang madaanan ni Sidney ang sala ay nagdahan-dahan siya sa paglakad. Inakala niyang paupuin siya nito sa sofa para estimahin at kausapin ngunit mali ang kanyang hinala. “Sumige ka pa, hija,” anang babaeng kasunod niya sa paglalakad. “Sa kusina na tayo dumerecho dahil hindi pa tapos ang mga iniluluto ko. Kung iiwan kita dito, malambot nga ang sofa, pero mapapanis naman ang laway mo dahil wala kang makakausap.”

Pagkadating sa kusina at bumungad sa kanyang ilong ang amoy ng iba't ibang putahe. Kumalam agad ang kanyang sikmura ngunit hindi niya ito binigyan ng pansin. "May maitutulong po ba ako sa inyo?" tanong niya.

"Wala na," sagot nito na dumerecho sa kalan upang sipatin ang nakasalang. "Ay, mayroon pa pala. Pakihiwa mo ang mga prutas. Iyang mangga, paborito ni Ethan iyan. Iyang pakwan, paborito ko. Iyan ang panghimagas natin."

"Ano po ang paborito ni Miss Bettina?" tanong niya habang hinahanap ang kutsilyo sa cupboard. Hindi niya alam ang rason, pero magaan ang loob niya sa matanda.

Mula sa iniluluto ay lumipad sa kanyang mukha ang paningin nito. "Hindi ko na alam kung ano ang paborito niya. Matagal na panahon nang hindi ko naipagluluto ang anak kong iyon."

Nahiya si Sidney. "Pasensya na po. Hindi ko po gustong manghimasok."

"Alam mo kung ano ang dapat mong ihingi ng pasensya?"

Gulat na napatingin siya rito. So far, wala siyang nabanggit na iba kundi ang pagtatanong ng

paboritong prutas ni Bettina. “Ano po iyon?”

“Kailangan mong ihingi ng dispensa kung bakit hindi ikaw ang nobya ng apo ko.”

“Kayo naman po.” Nakahinga siya nang maluwag. “Akala ko po kung ano na.”

“May boyfriend ka na ba?”

For some strange reasons, hindi siya nangimi nang sabihin niyang, “Wala po.”

“Ang ganda-ganda mong babae, wala kang boyfriend?”

“Wala pong dumarating, eh.”

“Minsan nga, sumama kang lumabas kay Ethan.”

“Akala ko po may girlfriend na siya?”

“Marami namang kaibigan iyon na puwede mong makilala.” Saglit nitong pinag-isipan ang sinabi. “O kaya, hintayin mo na lang mag-break sila ng girlfriend niya.”

PARANG MAGNANAKAW sa gitna ng gabi ang pagdating ni Ethan sa bahay. Ipinarada niya ang kotse sa di-kalayuan para hindi marinig ng lola ang

kanyang pagdating. Dahan-dahan siyang pumasok ng bahay upang hindi nito malaman na dumating na siya.

Hindi niya gustong pagtaguan ang pinakamamahal na lola. Kaya lang, iyon ang gabing magdi-dinner sila bilang buong pamilya—kasama ang mama niya.

As much as possible, he did not want to see his mother. She was never a part of his life in any way, so why change that now?

Wala siyang bitterness sa ginawa nito. Lahat ng pagkukulang ng mama niya ay pinunan ng kanyang abuela. Ang problema, wala rin siyang makapa na kahit ano para rito. For him, his mother was just another face in the crowd.

Paakyat na sana siya ng hagdanan nang tumunog ang kanyang cellphone. Sa takot na marinig ng kanyang lola ang tunog niyon ay agad niyang sinagot nang hindi tinitingan ang screen. “Hello,” halos pabulong niyang sagot.

“Ethan?”

Ngali-ngali niyang pindutin ang call end option nang marinig ang tinig ng ina. Malimit, hindi niya sinasagot ang mga tawag nito. Wala naman silang

pag-uusapan.

Casual conversation between estranged mother and son had been completely overrated. Hanga't maaari gusto niyang iwasan ang family drama sa pagitan nilang mag-ina. His life was happy as it was, he wanted to keep it that way.

“Ethan?”

“Yes,” patamad niyang sagot.

“Are you home?”

Saglit siyang natigilan. “I’m on my way home,” he lied.

“Pagdating mo sa bahay, pakisabi kay Mama na hindi ako makakarating. Nagkayayaang mag-swimming ang mga bata. Gustong sumama ng kapatid mo.”

“Okay! Sasabihin ko kay Lola.” Narinig niya ang kagalakan sa sarili niyang boses nang sabihin iyon. Masama mang isipin, pero hindi niya maitago ang tuwa na hindi na niya kailangang magpanggap sa harap nito at sa harap ng kanyang lola.

“May inimbitahan akong bisita. Pakiharapan na lang nang maayos.”

“Okay!” Dial tone na ang kasunod niyon.

How weird could they both get? Ultimo ‘goodbye’ ay hindi nila masabi sa isa’t isa. Was it because her mother did not know how to say goodbye? Dahil ba sanay itong maglaho na lang basta sa buhay niya?

“Grams, I’m home!” Napagdesisyunan niyang ianunsyo ang pagdating.

“Good!” sagot nito na ang tinig ay nagmumula sa kusina. “Bago ka pumanhik ay dumerecho ka rito para makilala mo ang bisita natin.”

Sinunod niya ang sinabi nito. Tinahak ni Ethan ang salas papunta sa kusina. Nakita niya ang kanyang lola na nakaupo sa silya paharap sa kanya. Ang bisitang sinasabi nito ay nakatalikod.

Tinungo niya ang lola upang kintalan ng halik ang noo pagkatapos ay humugot ng ngiti para sa babaeng kausap nito—na nang makita niya, napalitan ng ibayong pagkagulat ang expression.

Parang nakita niya ang sariling reaksiyon dito. Nanlaki ang mga mata nito at pinamulahanan ng mukha. Parang ayaw nitong tumingin nang derecho sa kanya. Ngunit dahil hinihingi ng pagkakataon, kinakailangan nitong salubungin ang kanyang mga mata.

You're The Only One - Lorry Virgo

“Sidney?” mahinang usal na kumawala mula sa kanyang lalamunan.

3

“Magkakilala kayo?” tanong ng matandang babae. Hindi malinaw kung sino sa kanilang dalawa ang dapat sumagot.

Tiningnan ni Ethan ang dalaga. For some reason, naramdaman niyang tila ayaw nitong ipaalam sa matanda na magkakilala sila. Nagbaba kasi ito ng paningin upang iwasan ang kanyang mga mata.

“Yes, grams, we know each other,” he announced as he took the seat beside her.

Hindi niya inalis ang paningin sa mukha ni Sidney. Hahayaan niyang ito ang masabi ng istorya kung saan at paano sila nagkakilala.

But her silence that moment brought a pang of pain in his ego. Or maybe in his heart. God! He had been hoping to see her again. The image of their long yet final rendezvous was so damn special. Hindi niya inaasahang itatanggi siya ni Sidney. That was the last thing on his mind.

“So how did you two meet?” basag ng abuela sa tension sa pagitan nila. “Anyone care to inform this old woman?”

“The details were not so vivid on my part anymore, grams. I’d let Sidney share the story.”

“I’D LET Sidney share the story.”

Mahina man ang pagkakasabi ni Ethan ay halos umalingangaw naman iyon sa pandinig ni Sidney. Ang katotohanan, magmula noong bumulaga ang binata sa kanyang paningin ay halos mag-marathon sa bilis ang tibok ng puso niya.

She never expected to see Ethan in that house. She was beginning to like Lola Patty, especially her sense of humor. Sa sandaling inilagi niya sa loob ng bahay na iyon, napalapit na ang loob niya sa matanda. Damn him!

Hindi naman niya alam na ang ‘Ethan’ na anak ni Bettina at ang apo ni Lola Patty ay ang tanging ‘Ethan’ na kilala niya. They had a very short history, lampas isang buwan lamang. But it changed the course of her life big time.

“Sidney?” pukaw ni Lola Patty. “Mahigit isang oras na tayong nagkukuwentuhan, pero hindi mo man lang binanggit na kakilala mo ang apo ko.”

“Hindi ko po alam na apo ninyo si Ethan,”

dahilan niya.

“Surely Ethan didn’t touch your life in a magical way kaya hindi ka na-curious kahit paulit-ulit ang banggit ko sa pangalan niya.”

Pinilit niyang humugot ng ngiti sa tinuran nito. Pagdaka, sumulyap siya sa binata upang matagpuan lamang na nakasimangot ito sa kanya. Ethan’s eyes were sending dagger looks toward her. He did not want to hide his anger.

Nag-isip siya. Bakit ba ito nagagalit? Wala siyang ginawang masama rito. Nagkataon lang na nagkakilala na sila noon.

“Sidney, you’re getting tongue-tied,” puna ng matandang babae. “Do we make you uncomfortable?”

“No, actually, no!” mabilis niyang sagot. Hindi niya gustong makatunog ito sa namamagitang animosity sa kanila ng apo nito.

Natawa si Patty saka bumaling sa apo. “Ethan, it seems like you’re not every girl’s dream boy after all. Tingnan mo nga’t halos hindi maalala ni Sidney kung paano kayo nagkakilala.”

“Thanks for the vote of confidence, grams,” malamig na turan nito. “Now, can we start dinner?”

Tumawag si Mama, hindi raw siya makakarating.”

Nagpatiunang kumuha ng pagkain sa hapag si Ethan. Sumunod naman ang lola nito. Pipigilan sana niya ang mga ito dahil hindi pa sila nagdarasal ng grace before meals ngunit na-realize niyang siya ang bisita. Sinarili niya ang pagdarasal at pumikit.

“Sidney, kumain ka na,” yakag ng matandang babae.

Mabilis niyang tinapos ang dasal at nang magmulat ay iniabot nito ang kanin sa kanya. “Salamat po,” aniya rito.

Minabuti niyang manahimik at ituon ang atensyon sa pagkain. Ang maglola ay nagsimula nang magkwentuhan.

“MAUUNA na po ako,” paalam si Sidney sa maglola pagkatapos niyang sipatin ang relong pambisig. Pasado alas nueve na ng gabi. Kailangan na niyang umuwi dahil hindi nakakatulog si Paris nang wala siya sa tabi nito.

“O sige,” turan ng matanda. “May sasakyan ka bang dala?”

“Wala po. Nag-taxi ako papunta rito.”

“Ihahatid ka na lang ni Ethan.”

“No!” mabilis niyang sagot. She did not want to sound ungrateful but she had to be firm with her answer. *Not Ethan, please.*

Nakataas ang kilay ng matanda nang tingnan niya. “Huwag kang mag-alala. Walang gagawin sa iyo ang apo ko,” anito.

Nahiya si Sidney. Hindi man nakarehistro sa mukha nito ang sama ng loob dahil sa paraan ng kanyang pagtangga, naramdaman niya iyon. “Uhm, hindi ko naman po iniisip iyon,” bawi siya. “Kaya lang po, ayaw kong maabala si Ethan.”

“Nonsense!” anito. “Wala kang iistorbohin. Ako ang nag-offer na ihatid ka. Kaysa naman gabihin kang mag-isa sa kalsada, hindi rin matatahimik ang loob ko. Ihahatid ka ng apo ko. At kapag nagkaroon ka ng pagkakataon ay dalawin mo ako o tawagan man lang.”

“Opo,” sagot niya. Humalik siya sa pisngi nito bago tuluyang lisanin ang bahay. Hindi na niya kailangan pang lingunin kung kasunod niya ang binata dahil nararamdaman niya ang presensya nito sa kanyang likuran.

Nang marating nila ang sasakyan ay pinagbukas

siya ni Ethan ng pinto. Natigilan siya at hindi niya magawang ihakbang ang paa papasok sa loob ng kotse.

“Ethan, you don’t need to take me home.”

He searched her eyes. Then, he looked grudgingly at her. “Then you should file a motion for reconsideration to my grandmother. Taking you home wasn’t my idea in the first place.”

Muli niyang tiningnan ang pinanggalingang bahay, tinitimbang kung maigi nga bang balikan ang matanda upang ipakiusap na mag-isa na lamang siyang uuwi at pagpahingahin na lamang ang apo nito. Judging by her initial impression, once Lola Patty made a verdict, there was no sense in filing for a reconsideration. Because the case was closed.

Mabilis siyang nagdesisyon. “How about, hatid mo na lang ako hanggang sa labas ng village and from there, sasakay na lang ako ng taxi?”

“And endure my grandmother’s wrath? No, thank you!”

“Hindi naman niya malalaman na hindi mo ako hinatid hanggang bahay.”

“Listen, I know my lola. That’s all I need to say

for you to understand my situation right now. And if you're tired as much as I am, hop in the car. Let me take you home."

"But—"

"Please, Sid," he pleaded, lacking the emotion required.

She half-heartedly got inside the car. Tahimik ang naging biyahe na iyon. Ang tanging naging usapan ay ang pagbibigay niya ng instruction kung saang direksyon sila pupunta.

"There! Stop!" Itinuro niya ang lugar kung saan ito dapat pumarada. She had manners, definitely. Pero hahayaan muna niya iyong lumipad dahil hindi niya yayayain si Ethan na pumasok sa loob ng kanilang tahanan. Having him drive her home was dangerous enough. To invite him inside her house was suicide.

She unbuckled her seatbelt. "Thank you!" sabi niya bago buksan ang pinto ng sasakyan.

Tumango ito. His eyes were fixated on the wide street ahead.

"Pakisabi na rin kay Lola Patty na salamat."

"Why did you leave, Sid?" Ethan asked out of

nowhere. His voice was low, but his implication was terribly serious.

Natigilan siya. Actually, pinagdasal niyang sana ay hindi na iyon dumating. When she saw him that night, she expected the worst. But by far, Ethan had been on his best behavior. Kung noong una ay tinatapunan siya nito ng matalas na tingin, nang lumaon ay hindi na siya nito tinitingnan.

Hindi na rin kasi nag-usisa si Lola Patty ng detalye ukol sa pagkakakilala nila noon.

“Sid, why did you leave me?” muling tanong nito.

Huminga siya nang malalim. “Ethan, whatever happened, it’s water under the bridge now. Hindi na natin kailangan pang pag-usapan.”

“There are questions in my head that only you can answer.”

“There are questions that don’t need answers. Some things happened because they were meant to happen,” mariin niyang sagot.

“I can’t believe that I’m hearing these from you, Sid.”

“I have to go.” Nagmadali siyang bumaba ng

sasakyan at pinindot ang doorbell.

“Why are you running away from me?” tanong ng binata nasa likuran na pala niya.

“Ethan, please! Not here.” Muli niyang pinindot ang doorbell kasabay ang panalangin na sana ay pagbuksan na agad siya ng gate.

“If not here, where? Hindi mo nga gustong sagutin ang tanong ko.”

“Ethan, please!” She was in panic. She could hear footsteps approaching.

“Why did you leave, Sid?”

Hindi na niya nagawang sagutin ang tanong na iyon dahil bumukas na ang gate. She noted that, ‘When it rains, it pours.’ Dahil sa dinami-dinami ng pagkakataon at ng tao, ang daddy pa niya ang bumungad sa kanila.

“Dad?” she uttered in total shock. Nang maka-recover ay kinuha niya ang palad nito at nagmano.

“Good evening, Sir!” magalang na bati ni Ethan dito. He even bowed his head to emphasize his respect.

“Good evening din...”

“Ethan, Sir. Ethan Sanchez.”

“Why don’t you come inside, Ethan?”

“No! Dad, he just took me home,” she said harshly. “Meron pa siyang pupuntahan.”

“Shouldn’t it be Ethan’s decision, not yours, Sidney?” malumanay na anang ama. Ngunit sa likod ng tono nito ay ang tanong na, *Why are you being so rude?*

She desperately wanted for him to leave. Gusto niyang isigaw rito na hindi ito welcome sa bahay na iyon. But because her father was there, she couldn’t do anything. Kumakabog ang dibdib niya habang hinihintay ang pasya ni Ethan.

“I’ll go in, Sir!”

Bumagsak ang kanyang mga balikat sa narinig,

“Very well then, welcome to our humble abode.” Gumilid ang ama para hayaan silang makaraan.

Nanginginig ang kanyang mga tuhod habang tinatawid ang garahe hanggang sa pintuan ng bahay. Halfway, she wanted to stand in front of Ethan and shove him away. Pero ang presensya ng ama ang pumigil sa kanya para gawin iyon.

“MOMMY! Mommy!” sigaw ni Paris nang makita siya. She closed her eyes as she watched her luck ran out. When it rains, it pours... and now, the destructive flood came next.

“Baby,” she greeted her daughter weakly. Tumakbo ito palapit sa kanya. Kinarga niya ang anak. “Why are you still awake?”

“Y-your daughter?” di-makapaniwalang sambit ni Ethan. Titig na titig ito sa mukha ni Paris.

Instinctively, itinago niya ang mukha ng bata sa paningin nito.

“Bakit hindi ka muna maupo, Ethan?” anyaya ng kanyang ama.

“Uhm, Sir, I’m sorry but I think I have to go.” Magkapanabay ang nagsalubong ang mga kilay nila ng daddy niya. “Sidney’s right, I have to go somewhere.”

“Okay, ihahatid na kita sa labas,” anang ginoo.

Nakahinga siya nang maluwan nang tumalikod ito. She was surprised when he walked out of the door without even saying a word.

Nang mawala sa paningin ang dalawa ay pinili niyang umakyat sa silid upang patulugin ang anak.

“Sidney,” tawag ng kanyang ama mula sa pinto. “Sino si Ethan?”

Lumington siya rito. Pinipilit niyang itago kung anumang emosyon ang dapat niyang maramdaman. “Half-brother po siya ng tutee ko.”

“Oh, I see!” Tumango-tango ito. “Hindi manliligaw?”

She smiled shyly at her father. “He’s got a girlfriend, Dad. Nagkataon lang po na ipinahatid ako sa kanya. Pupuntahan din po niya ang girlfriend niya.”

“Well,” anito. “Akala ko manliligaw mo ’tapos ngayon lang niya nalaman na may anak ka kaya ganoon na lang ang reaksiyon.”

“That’s a far-fetched story you’ve imagined, Dad.”

“Masisisi mo ba ako kung isipin kong manliligaw mo siya? You’re pretty and I’m not saying this because I’m your father.”

Bumuntong-hininga si Sidney. “I’m pretty, maybe. But I have a daughter out of wedlock.”

Bumakas sa mukha ng kanyang ama ang mapang-unawang expression. Her family completely

You're The Only One - Lorry Virgo

understood her situation. Tinanggap ng mga ito ang kanyang pagkakamali nang buong puso. She knew she did not deserve all that.